Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

17 Disyembre 2017 | Ika-3 Linggo ng Adbiyento | Taon B

Magalak Tayo sa Panginoon!

Ngayong Ikatlong Linggo ng Adbiyento, nag-aanyaya ang liturhiyang tayo'y magalak sa Panginoon. Dapat nga tayong magalak sapagkat ang Pasko ay hindi lamang paggunita sa kapanganakan ni Kristo na higit 2,000 taon na ang nakalilipas, kundi muling pagbuhay rin sa nagliligtas na pangyayari sa ating pansarili at pampamayanang pamumuhay.

Dapat tayong magalak sapagkat si Hesus ay narito na sa atin. Layunin ng kanyang pagdating ay di para hatulan tayo kundi upang patunayan sa atin ang kanyang pakikiisa sa ating pagsisikap na makalaya sa kasalanan at masasama nitong ibinubunga. Gayundin, kapiling natin si Hesus upang gawin tayong kasangkapan at tagapagdulot ng kanyang kagalakan para sa lahat!

Tandaan natin ang ganitong mga katotohanan habang tayo'y nagbubunyi sa Panginoon sa Eukaristiyang ito.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Magalak nang palagian sa Poon nating marangal. Darating ang hinihintay, ating pinananabikan, Panginoon nating mahal.

Pagbati

P **–**Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikiisa ng Banal na Espiritu ay sumainyong lahat.

B**– At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P **–**Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo ng pag-ibig ni Kristo ngayong Ikatlong Linggo ng Adbiyento, alalahanin natin ang ating mga kasalanan. *(Manahimik saglit.)*

P **–**Panginoong Hesus, naparito ka upang maghatid ng masayang balita sa mga nagdurusa at nangangamba. Panginoon, kaawaan mo kami!

B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoong Hesus, naparito ka upang pasayahin ang mga nalulumbay. Kristo, kaawaan mo kami!

B **–Kristo, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoong Hesus, naparito ka upang magpahayag ng kalayaan sa mga alipin ng kasalanan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B **–Amen!**

Panalanging Pambungad

P **–**Ama naming makapangyarihan, tunghayan mo ang pananabik ng iyong sambayanan sa Pasko ng Pagsilang ng Panginoon naming mahal. Pasapitin mo kami sa kagalakang dulot ng kanyang pagtubos at pasiglahin mo kami sa pagpapasalamat sa iyong kaloob sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **–Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa *Isa 61:1-2.10-11*

Ang Unang Pagbasa ngayon

ay isang tula sa katapusan ng "Aklat ng Kasiyahan" ni Isaias.

Ang unang bahagi ay isang balangkas di lamang ng papel na ginagampanan ng propeta kundi pati na rin ng pagiging tagapagligtas ng Mesiyas. Ang ikalawa'y nagtataglay ng bulalas ng kagalakan sa mga biyayang dulot ng Panginoon.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Pinuspos ako ng Panginoon ng kanyang Espiritu. Hinirang niya ako upang ang magandang balita'y dalhin sa mahihirap, pagalingin ang sugat ng puso, palayain ang mga bihag at bilanggo. Sinugo niya ako, upang ibalitang ngayo'y panahon nang iligtas ng Panginoon yaong mga tao na hinirang niya. At ang Jerusalem sa ginawang ito'y pawang malulugod, anaki'y dalagang gayak ay pangkasal, siya'y parang dinamtan ng kaligtasan at pagtatagumpay. Kung paanong ang binhi ay tiyak na tutubo at sisibol, gayon ang pagliligtas ng Panginoon sa bayang kanyang hinirang. Dahil dito, lahat ng bansa ay magpupuri sa kanya.

Ang Salita ng Diyos!
B – **Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Lu 1*

B –Sa Poong D'yos malulugod ang hinirang niyang lunsod!

R. M. Velez



*** Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon, at nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking Tagapagligtas. Sapagkat nilingap niya ang kanyang abang alipin! At mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi.** ***B.***

*** Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan – Banal ang kanyang pangalan! Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya, sa lahat ng sali't saling lahi.** ***B.***

*** Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom, at pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman. Tinulungan niya ang kanyang bayang Israel, bilang pagtupad sa pangako niya sa ating mga magulang.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa *1Tes 5:16-24*

Pinagtitibay ng Ikalawang Pagbasa ang paksa para ngayon. Ginaganyak tayo ni San Pablo sa dalisay na pagbubunyi: ang pinakamahusay na kaloobang dapat pahalagahan sa pagsapit ng Pasko.

L – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica

Mga kapatid: Magalak kayong lagi; maging matiyaga sa pananalangin. Ipagpasalamat ninyo sa pangalan ni Kristo Hesus ang lahat ng pangyayari, sapagkat yaon ang ibig ng Diyos.

Huwag ninyong hadlangan ang Espiritu Santo. Huwag ninyong hamakin ang anumang pahayag mula sa Diyos. Suriin ninyo ang lahat ng bagay at pulutin ang mabuti. Lumayo kayo sa lahat ng uri ng kasamaan.

Nawa'y lubusan kayong pabanalin ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan – ang espiritu, kaluluwa, at katawan – hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Hesukristo. Tapat ang tumawag sa inyo, at gagawin niya ang mga bagay na ito.

Ang Salita ng Diyos!
B – **Salamat sa Diyos!**

Aleluya *Isa 61:1*

B – **Aleluya! Aleluya!**
Espiritu ng Maykapal nasa akin upang hatdan ang mga dukha ng aral.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Jn 1:6-8.19-28*

Layunin ng siping ito ng Ebanghelyo na ipakita ang relasyon nina Juan at Hesus, gayundin upang bigyang-diin ang kahigtan ng Mesiyas sa kanyang Tagapanguna.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Sinugo ng Diyos ang isang tao na nagngangalang Juan. Naparito siya upang magpatotoo tungkol sa ilaw at manalig sa ilaw ang lahat dahil sa patotoo niya. Hindi siya ang ilaw kundi naparito siya upang magpatotoo tungkol sa ilaw.

Nang suguin ng mga Judio sa Jerusalem ang ilang saserdote at Levita upang itanong kung sino siya, sinabi niyang hindi siya ang Mesiyas. "Kung gayo'y sino ka?" tanong nila. "Ikaw ba si Elias?" "Hindi po," tugon niya. "Ikaw ba ang Propetang hinihintay namin?" Sumagot siya, "Hindi po." "Sino ka kung gayon?" tanong nila uli. "Sabihin mo sa amin. Ano ang masasabi mo tungkol sa iyong sarili?" Sumagot si Juan, "Ako '*Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang: Tuwirin ninyo ang daraanan ng Panginoon!' "* Ang propeta Isaias ang maysabi nito.

Ang mga nagtanong ay sugo ng mga Pariseo. Muli nilang tinanong si Juan, "Bakit ka nagbibinyag, hindi pala naman ikaw ang Mesiyas, ni si Elias, ni ang Propeta?" Sumagot siya, "Ako'y nagbibinyag sa tubig, ngunit nasa gitna ninyo ang isang hindi ninyo nakikilala. Siya ang susunod sa akin, subalit hindi ako karapat-dapat magkalag man lamang ng tali ng kanyang panyapak."

Ito'y nangyari sa Betania, sa ibayo ng Jordan na pinagbibinyagan ni Juan.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
B – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P **–**Si Juan Bautista ay siya nating bayani at huwaran ngayon. Ipagdasal nating matulad tayo sa kanyang kababaang-loob at katapatan sa pagtupad sa mga tungkulin. Manalangin tayo:

B **–Diyos ng kabanalan at kataRungan, dinggin ang aming panalangin!**

* Nawa ang Simbahan ay manatiling tapat sa kanyang misyong magpahayag ng Mabuting Balita sa lahat ng bansa sa salita at sa gawa. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa patuloy tayong gabayan ng Santo Papa at ating mga Obispo nang may karunungan at lakas ng loob sa Adbiyentong ito at sa buong buhay natin. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa patnubayan ng lahat ng tagapangaral, katekista, at mga guro ng relihiyon ang mga puso ng kanilang mga tinuturuan patungo kay Hesus at hindi sa kanilang sarili. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa ang lahat ng di pa tumatanggap kay Hesus ay matutong sumampalataya sa kanya bilang ilaw ng kanilang buhay. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa ang mga kabataan ay tuwinang maging masasayang tagapaghatid ng pag-ibig at awa ng Diyos para sa lahat. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa ang buhay nating lahat ay maging patuloy na saksi sa liwanag ni Hesus at ng kanyang Ebanghelyo. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumahimik sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P **–**Diyos ng liwanag, tulutan Mong ang aming asal ay tuwinang umalinsunod sa Ebanghelyo ng buhay, at maging saksi kay Hesus, ang ilaw ng daigdig na nabubuhay at nagniningning magpakailanman.

B **–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P **–**Manalangin kayo. . .

B **–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P **–**Ama naming Lumikha, maihain nawang lubos ang matapat naming paglilingkod sa pagganap sa itinatag ng iyong Anak at sa pakikinabang sa iyong pagtubos sa aming lahat sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **–Amen!**

Prepasyo ng Adbiyento I

P **–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya'y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya'y naging hindi na iba sa amin upang maitampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating ang pakikisama niya'y puspusang magniningning at ang pangako niyang kapana-panabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo . . .**

Pagbubunyi

B **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

B **– Ama namin . . .**

P **–** Hinihiling namin . . .

B **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin! (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayaan!

Paanyaya sa Pakikinabang

P **–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lakasan ang inyong loob, kayo ay huwag matakot. Dumarating ang Poong D'yos upang tayo ay matubos at sa kanya'y makadulog.

Panalangin Pagkapakinabang

P **–**Ama naming mapagmahal, ang pinagsaluhan namin ngayon sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan ay magpagindapat nawang kami'y maging handa para sa

Pasko ng Pagsilang ng iyong Anak na siyang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

P –Sumainyo ang Panginoon.
B **–At sumaiyo rin!**

P –Magsiyuko at ipanalangin ang pagpapala ng Panginoon. *(Tumahimik sandali.)*

Hilumin nawa ng Panginoon ang mga sakit sa inyong buhay at pagkalooban kayo ng kasaganaan ng Kanyang kapayapaan.
B **–Amen!**

P –Nawa puspusin Niya kayo ng kagalakan sa Kanyang malapit nang pagdating.
B **–Amen!**

P –Nawa kayo'y hirangin Niyang mga sugo ng mabuting balita sa lahat ng nagdurusa.
B **–Amen!**

P –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B **–Amen!**

P –Humayo kayo sa kapayapaan at magalak sa pagdating ng Panginoon.
B **–Salamat sa Diyos!**

makinig. kapanalig. Veritas846 RADYO TOTOO The Catholic Radio
veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

Paghahayag ng Isang Taon ng Kabutihang-Loob Buhat sa Diyos

Sa kalagitnaan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nang tila wala nang matanaw na pagtatapos sa bawat panig na nakahanda para sa ganap na paglipol sa katunggali, may nangibabaw na tinig. May binabanggit itong lalong magandang panahon at isang "bagong kaayusang pandaigdig" na batay sa katarungan, paggalang sa isa't isa, pakikipagtulungan at tunay na Kristiyanong pagmamahalan. Iyo'y ang tinig ni ***Pope Pius XII,*** *na nagsalita sa buong mundo, lalo na sa pamamagitan ng kanyang mga mensaheng Pamasko at para sa Pasko ng Pagkabuhay.*

Nag-uulit sa pag-asang ipinahayag ng Santo Papa at nagpapalawak pa sa mga implikasyon nito, isang Italianong Jesuita – si ***P. Riccardo Lombardi*** *– ay nagtatag ng tinawag na "Movement for a Better World" (Kilusan para sa Isang Lalong Mabuting Mundo) na mabilis na lumago, lalo na sa Europa at Timog Amerika. Tinungo ni P. Lombardi ang iba't ibang bansa, naghahatid ng magandang balitang posible ang isang lalong mabuting mundo, at ang mga Kristiyano'y dapat na magtulung-tulong para sa ikapagpapairal nito.*

Malinaw ang plano at mga istratehiya: magbalik-loob sa Diyos at gawin Siyang sentro ng kanilang buhay at mga plano; ang Ebanghelyo'y gawing panuntunan para sa isang bagong uri ng pakikitungo ng mga tao at bansa sa isa't isa. Marami ang nanalig sa gayong mensahe at nagsimulang kumilos alinsunod sa ganitong mga panuntunan sa paghahangad ng isang bagong panahon ng kapayapaan, pakikipagtulungan, at pakikiisa.

Gayon din marahil nang ipahayag ng propetang si Isaias ang isang "taon ng kabutihang-loob buhat sa Panginoon" sa mga ipinatapon sa Babilonia, na pinapangarap niya ng kanilang pagbabalik sa kanilang bayan at magtayong muli ng kanilang mga tahanan at kanilang pag-asa. Ang kanyang pahayag ay naging inspirasyon sa buhay ng mga Israelita at sa kasaysayan ng buong bansa noon.

Ang gayon ding mensahe ay ipinahayag ni ***Juan Bautista*** sa may Ilog Jordan nang magsimula siya sa paghahanda sa mga puso ng mga tao para sa tunay na "taon ng kabutihang-loob buhat sa Panginoon" na pangungunahan ng ipinangakong Mesiyas. ***Dapat ituwid ng mga tao ang daan ng Panginoon*** pagkat ang Mesiyas ay hindi parating pa lamang kundi tunay nang naririto't kasama na nila. Di nagtagal, sa sinagoga ng kanyang nayon, si **Hesus** na isang karpinterong taga-Nazaret, ay nagpahayag sa kanyang mga tagapakinig na ang propesiya ni Isaias ay natupad na sa sandaling iyon.

Idinudulot din sa atin ng Panginoon ang kanyang TAON NG KABUTIHANG-LOOB na maghahatid ng "masayang balita sa mga dukha, ginhawa sa mga nalulumbay, at kalayaan sa mga bilanggo." Bunga nito, itataguyod niya ang katarungan at papuri sa harap ng lahat ng bansa.

Sa ganang atin, sa gayong paanyaya ni San Pablo, ***"di tayo dapat tumigil sa pagdarasal at pagpapasalamat."*** Gayundin, ***di natin dapat hadlangan ang Espiritu, habang dapat nating pahalagahan ang mga propesiya, panatilihin ang mabuti, at iwasan ang anumang may bahid ng kasamaan.*** *(Sangguniin ang Ikalawang Pagbasa.)* Ito ay simpleng pormulang makatutulong sa atin para pakinabangan ang mga pagkakataong dulot sa atin ng Panginoon sa Adbiyentong ito. ***Ang Panginoon ay bukas-palad; narito na siya. Buksan natin ang ating mga puso sa pagtanggap sa kanya.***

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua